

Pangalan ng Kliyente _____
Numero ng Kaso _____
Petsa _____
County _____
Numero ng Telepono ng County _____

Nagbago ang Mga Panuntunan para sa Iyong Kaso sa CalWORKs. Pakibasa Ito Nang Mabuti.

Simula sa _____ (petsa), magbabago ang iyong kaso sa CalWORKs mula sa Taunang Pag-uulat at magiging Dalawang Beses sa Isang Taon na Pag-uulat dahil mayroon na ngayong tulong para sa isang kwalipikadong nasa hustong gulang ang iyong kaso. Sa ilalim ng Dalawang Beses sa Isang Taon na Pag-uulat, inaatasan kang mag-ulat dalawang beses bawat taon sa halip na isang beses bawat taon. Ang isa sa mga ulat na iyon ay ang iyong form ng taunang redetermination/recertification (SAWS 2 PLUS). Anim na buwan pagkatapos mong makumpleto ang iyong SAWS 2 PLUS, may ipapadala sa iyong dalawang beses sa isang taon na ulat sa status ng pagiging kwalipikado (SAR 7) sa pamamagitan ng mail at ipapaalam nito sa iyo kung kailan ito dapat isagawa. Hindi mo kailangang iulat ang paninirahan o pag-alis ng isang tao sa iyong tahanan hanggang sa petsa kung kailan dapat isagawa ang susunod mong ulat (SAWS 2 PLUS o SAR 7). Walang pagbabago ang mga panuntunan sa Limitasyon sa Pag-uulat ng Kita (Income Reporting Threshold o IRT sa ilalim ng Dalawang Beses sa Isang Taon na Pag-uulat: kapag nag-ulat ka ng kita na lagpas sa iyong IRT, maaaring babaan o ihinto ng county ang iyong mga benepisyo.

Ang paunawang ito ay mayroong mga detalye tungkol sa mga kinakailangan ng Dalawang Beses sa Isang Taon na Pag-uulat. Magtanong sa iyong worker o tumawag sa county kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kung ano ang iuulat at kung kailan ito iuulat.

Makakatanggap ka ng hiwalay na paunawa tungkol sa anumang mga pagbabago sa iyong mga kinakailangan sa pag-uulat sa CalFresh.

Mga Panuntunan sa Pag-uulat

Sa ilalim ng Taunang Pag-uulat, hinihiling lang sa iyo na kumumpleto ng taunang redetermination ng mga benepisyo. Sa ilalim ng Dalawang Beses sa Isang Taon na Pag-uulat, dagdag pa sa taunang redetermination, hinihiling sa iyong magpasa ng SAR 7 isang beses sa isang taon (6 na buwan pagkatapos ng iyong taunang redetermination). Ipapadala sa iyo ang SAR 7 sa pamamagitan ng mail.

Gaya ng Taunang Pag-uulat, makakatanggap ka ng liham ng appointment sa mail kapag dapat nang isagawa ang iyong redetermination. Ihihinto ang tulong sa iyo kung mapalampas mo ang iyong appointment para sa redetermination at hindi ka dadalo sa ibang appointment bago ang katapusan ng buwan.

Halimbawa: Noong Marso 18, nakatanggap ka ng liham ng appointment mula sa county na nagsasaad na ang iyong appointment para sa redetermination ay isasagawa sa Abril 4. Kung mapalampas mo ang appointment at hindi ka dadalo sa ibang appointment bago ang katapusan ng Abril, ihihinto ang iyong kaso sa ika-30 ng Abril.

Mga Panuntunan sa Limitasyon sa Pag-uulat ng Kita (Income Reporting Threshold o IRT)

Hindi magbabago ang halaga ng kita na kailangan mong iulat sa loob ng 10 araw sa ilalim ng Dalawang Beses sa Isang Taon na Pag-uulat. Kung lagpas ang iyong kabuuang buwanang kita sa halaga ng iyong IRT, kailangan mong iulat sa county ang kita sa loob ng 10 araw. Kapag sinabi naming “kabuuang buwanang kita”, ang ibig naming sabihin ay anumang perang makukuha mo. Ipapaalam sa iyo ng county kung ano ang iyong IRT. Sa ilalim ng Dalawang Beses sa Isang Taon na Pag-uulat, ang IRT ay batay para rin sa iyong kabuuang kita at sa bilang ng mga tao sa iyong sambahayan. Ang paglagpas sa IRT ay maaaring magresulta sa pagbaba ng iyong kaloob o sa paghinto ng tulong sa iyo.

Halimbawa: Kung ang iyong IRT ay \$1000 at may kita ka na \$800, hindi mo kailangang iulat ang pagbabago hanggang sa susunod mong ulat (SAR 7 o SAWS 2 PLUS). Kung kumikita ka ng \$1001 o mas malaki, dapat mo itong iulat sa iyong worker sa loob ng 10 araw. Kung magpapatuloy ang kita, bababaan o ihihinto ang iyong mga benepisyo sa pantulong na pera nang may 10 araw na paunawa.

Mga Panuntunan sa Kinakailangang Pag-uulat

Ang karamihan ng mga panuntunan sa kinakailangang pag-uulat ng CalWORKs sa ilalim ng Dalawang Beses sa Isang Taon na Pag-uulat ay walang pagbabago sa ilalim ng Taunang Pag-uulat. Ayon sa mga panuntunan ng Dalawang Beses sa Isang Taon na Pag-uulat, DAPAT mong iulat ang mga sumusunod na pagbabago, nang pasalita o sa pamamagitan ng liham, sa loob ng 10 araw pagkatapos ng pagbabago:

- kitang lagpas sa IRT;
- mga pagbabago sa address;
- katayuang tumakas na kriminal; o
- mga paglabag sa mga kundisyon ng probation o parole.

Mga Panuntunan sa Boluntaryong Pag-uulat

Walang pagbabago sa mga panuntunan sa boluntaryong pag-uulat ng CalWORKs sa ilalim ng Dalawang Beses sa Isang Taon na Pag-uulat. Maaari kang boluntaryong mag-ulat ng anumang impormasyon (gaya ng pagbaba ng kita o ang paninirahan ng isang taong walang kita sa iyong tahanan) na maaaring magpataas sa halaga ng iyong kaloob.

Kung boluntaryo kang mag-uulat ng isang bagay na magresulta sa pagbaba ng halaga ng iyong kaloob, hindi bababaan ng county ang tulong sa iyo hanggang sa iulat mo ang impormasyon sa iyong susunod na kinakailangang ulat.

Mga Panuntunan sa Pag-uulat ng Welfare-to-Work

Kung nakatanggap ka ng mga serbisyo ng Tulong ng pamahalaan para makapagtrabaho (Welfare-to-Work), dapat mong patuloy na ipasa ang lahat ng iba pang mga ulat at pag-verify na iniaatas ng county. Kailangan mong ipasa ang patunay na ito upang patuloy na makatanggap ng mga serbisyo gaya ng pangangalaga sa bata, transportasyon, at perang pambili ng mga aklat.